

Alamin ang tamang impormasyon para sa iyong matagumpay na paggaling.

Ano ang Tuberculosis?

Ang Tuberculosis o TB ay isang sakit na dulot ng mikrobyong *Mycobacterium tuberculosis* na madalas tumatama sa baga. Maaari ring maapektuhan ang iba pang bahagi ng katawan gaya ng buto, utak, bato, atay, bituka, at kulani.



Ano ang Patient-centered Care?

Sadyang ibabahagi ng iyong health worker at treatment partner ang pinakamabuting serbisyo para sa iyong paggaling. Kaya mahalaga na maipahiwatig sa kanila ang mga posibleng maging problema sa iyong gamutan. Matutulungan ka nilang tugunan ang posibleng mga hadlang sa iyong gamutan.



Paano nakahahawa ang TB?

Ang TB ay naipapasa kung ang isang tao ay makalanghap ng mikrobyo ng TB na nasa hangin galing sa ubo o bahing ng taong may TB.

Tandaan na ang TB ay:

- HINDI namamana
- HINDI nakukuha sa pagpapagod, pagpupuyat, o pagkatuyo ng pawis sa likod
- HINDI naipapasa sa paggamit ng kubyertos o baso ng taong may TB
- HINDI nakukuha sa kagat ng lamok
- HINDI naipapasa sa paggamit ng damit o kumot ng taong may TB

Paano ginagamot ang TB?

Araw-araw na gamutan na hindi bababa sa 6 na buwan ang pinakamabisang paraan para magamot ang TB.

linumin ang mga gamot para sa TB araw-araw sa gabay ng iyong health worker o treatment partner. Importanteng tapusin ang gamutan upang hindi umabot sa pagiging Drug Resistant ang TB dahil magiging mas matagal ang gamutan nito at maaari mong ikamatay.



Ano ang mga side effects ng gamutan?

Maaari kang makaranas ng mga side effect gaya ng pamumula ng ihi, pangangati ng balat, pamamantal, pamamanhid ng paa, at iba pa. Importanteng ipaalam mo agad sa iyong health worker ang iyong mga nararamdaman upang mabigyan ng pangunahing lunas.



Ano ang mga responsibilidad mo bilang pasyente?

- Ipaalam ang mga nauukol na impormasyon sa iyong health worker, gaya ng mga nakaraan at kasalukuyang karamdaman
- Sundan ang schedule ng pag-inom ng gamot araw-araw para masiguro ang paggaling
- Magbigay ng sample ng plema sa tinakdang araw para malaman kung tuloy-tuloy ang paggaling
- Tumulong iwasan ang pagkalat ng TB sa komunidad. Hikayatin ang mga kakilalang nagpapakita ng sintomas ng TB na kumonsulta agad sa DOTS Facility
- Makiisa sa mga kapwa pasyente sa pamamagitan ng pagsuporta sa kanilang paggaling at pagbahagi ng tamang kaalaman na natutunan habang nagpapagamot



Ano ang mga karapatan mo bilang pasyente?

1. Magamot nang tama at libre na naaayon sa International Standards for Tuberculosis Care
2. Tumanggap ng makataong serbisyo nang walang diskriminasyon o paghuhusga
3. Mabigyan ng tama, malinaw, at napapanahong impormasyon tungkol sa TB, ireresetang gamot, at posibleng side effects nito
4. Tumanggap o tumanggi ng "surgical" na gamutan kung may posibleng alternatibo at malaman ang magiging epekto ng ginawang desisyon
5. Pangalagaan ang iyong pribadong buhay at karangalan tungkol sa iyong kondisyong medikal
6. Makamit ang hustisya at lunas kung nilabag ang karapatan mo bilang pasyente
7. Magtayo at magtatag ng organisasyon ng mga taong may o apektado ng TB at lumahok sa mga programa para sa TB
8. Mabigyan ng seguridad sa trabaho pagkatapos ng gamutan at rehabilitasyon



Ano ang posibleng mangyari kapag itinigil ang gamutan?

Kapag hindi nakumpleto nang tama ang pagpapagamot, maaaring tatapang ang kabterya ng TB. Dahil dito, magiging Drug Resistant ang TB (DR-TB) mo. Kung umabot na sa DR-TB ang iyong sakit, hindi na tatabla ang mga gamot na kasalukuyan mong iniinom.

Ang DR-TB ay isang malalang uri ng TB dahil:

- mas mahirap gamutin
- mas mahal at mas marami ang kailangang gamot
- mas matagal ang gamutan, umaabot ng 9 na buwan

Mas madalas ring mararanasan ang mga side effects ng mga gamot para sa DR-TB gaya ng pagkahilo, pagsusuka, pananakit ng tiyan, lagnat, kawalan ng gana, at iba pa. Kaya importante na makumpleto mo nang tama ang iyong kasalukuyang gamutan.

Covered sa PhilHealth ang DOTS!

Ipakita ang PhilHealth ID para magamit ang benepisyo.

**TUMAWAG SA
(02)441-7442**

www.philhealth.gov.ph

www.facebook.com/PhilHealth

www.twitter.com/teamphilhealth

actioncenter@philhealth.gov.ph



2linggong ubo?
Kumonsulta agad sa health center!